
3

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagkanta Nang May Kumpiyansa sa Sarili




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Music 3_Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagkanta Nang May Kumpiyansa sa Sarili**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lenny L. Fuertes
**Editor:** Reynaldo Deocampo, Johnna D. Mamaril
**Tagasuri:** Marciano G. Canillas, Angelica M. Mendoza, Emma T. Esteban
Gloria C. Sabanal, Lea C. Manambay, Ana Lorma A. Dahiroc
**Tagaguhit:** Jennifer D. Basinang
**Tagalapat:** Edgardo D. Pamugas III, Dean Pierre H. Besana
**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo
Mary Jeanne B. Aldeguer
Analiza C. Almazan
Ma. Cielo D. Estrada
Jeselyn B. dela Cuesta
Reynante A. Solitario
Janwario E. Yamota
Djhoane C. Aguilar
Maria Perpetua Angelita G. Suelto
Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagkanta Nang May Kumpiyansa sa Sarili

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at dinisenyo para sa mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang upang matamo ang mga aralin at pagsasanay na naaangkop sa lebel ng iyong pagkatuto. Ang lawak ng modyul na ito ay naayon sa iba't ibang sitwasyon ng pagtuturo batay sa pamantayan sa ikalawang markahan sa Musika. Ang mga salitang ginagamit ay angkop sa iyong pang-unawa upang madali mong magawa ang mga pagsasanay at pagsubok.

Matapos mong mapag-aralan ang leksyong ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakaaawit nang tamang tono mula simula hangang wakas kasama ang inuuulit na bahagi. (MU3FO-IIg-h-6).

## Subukin

Naranasan mo na bang kumanta sa harap ng maraming tao? Alam mo ba ang kahalagahan ng simula at huling bahagi ng bawat awitin?

Panuto: Sagutan ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sino sa mga nabanggit ang nagpapakita ng kumpiyansa sa sarili habang kumakanta?
   a. Si Laila na umiiyak at hinihila ng nanay upang kumanta.
   b. Si Eduard na nanginginig habang paakyat sa entablado.
   c. Si Cora na biglang pumiyok sa katapusan ng kanyang awitin.
   d. Si Nora na buong saya na kumanta at kumembot nang husto sa harap ng mga tao.

2. Alin sa sumusunod na gawain ang nakatutulong upang magkaroon ng kumpiyansa sa sarili bago magtanghal sa entablado?
   a. Kumain ng maraming gulay at prutas bago kumanta.
   b. Uminom ng mainit na gatas o kape bago kumanta.
   c. Kumuha ng guro sa musika upang maturuan ng tamang pagkanta.
   d. Gayahin lahat ang kilos at galaw ng iyong idolo na mang-aawit.

3. Paano mabibigyang-diin ang simula ng awiting Lupang Hinirang?
   a. Simulan ito nang mabilis na pagkanta.
   b. Simulan ito nang pabulong na pagkanta.
   c. Simulan ito nang mahinang pagkanta.
   d. Simulan ito nang malakas ngunit hindi sumisigaw na pagkanta.


4. Ano ang **hindi** dapat gawin kung ikaw ay aawit sa isang pagtatanghal?
   a. Magsuot ng kasuotang akma sa awitin.
   b. Umiyak dahil nalimutan ang *lyrics* ng kanta.
   c. Bigyang pokus ang awitin habang kumakanta.
   d. Mag-ayos at mag-inat ng vocal cord at katawan


5. Si Ana ay napag-utusang kumanta sa loob ng simbahan sa panahon ng pagninilay-nilay. Ano ang paraan ng pagkanta ang maaari niyang gawin?
   a. Mabilis at malakas
   b. Marahan at madamdamin
   c. Katamtaman at masaya
   d. Pabulong at malungkot


# Aralin 1 — Pagkanta Nang May Kumpiyansa sa Sarili


## Balikan


Panuto: Suriin ang sumusunod na musical line. Isulat ang **(M)** magkatulad, **(P)** magkapareho o **(MK)** magkaiba batay sa kinalalagyan ng mga nota at pahinga sa bawat sukat sa sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## Tuklasin

Naranasan mo na bang kumanta sa harap ng madla? Paano isinasagawa ang pag-awit nang napakahusay?

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang titik ng mga larawan na nagpapakita ng mga mahahalagang kilos upang maging mahusay na mang-aawit sa isang pagtatanghal.

a. 

b. 

c. 

d. 

e. 

## Suriin

Mayroong mahahalagang bagay na dapat nating isaalang-alang kapag tayo ay aawit sa harap ng maraming tao.
Pag-aralan ang mga sumusunod:

1. Pumili ng awiting akma sa iyong boses at isaulo ito.
2. Mag-ensayo nang maigi bago ang pagtatanghal.
   https://www.youtube.com/watch?v=YCLyAmXtpfY

3. Unawain ang kahulugan at bigyang emosiyon ang awitin sa pamamagitan ng mga kilos at ekspresiyon ng mukha habang umaawit.
4. Sa oras ng pagtatanghal, magsuot ng damit na akma sa awitin, mag-ayos ng sarili at mag-inat ng *vocal cord* at katawan at bigyang pokus ang awitin habang kumakanta. Maging masaya sa ginagawa.

## *Pagyamanin*

Gawain 1:

Alam mo na ba ang mga dapat mong isaalang-alang kapag ikaw ay kakanta?

Panuto: Basahin ang maikling tula. Sagutan ang mga katanungan pagkatapos nito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Si Bertang Biritera**

ni Johnna D. Mamaril

Si Berta ay batang mahilig kumanta.
Birit nang birit kahit saang banda.
Mataas na tono di kayang abutin,
ilit kumakanta ng di bagay na awitin.

Ngunit isang ale na mahiwaga,
Tinulungan siyang pumili ng akmang kanta.
Nag-ensayo tuwing umaga,
Hanggang naging napakagaling sa kantahan si Berta!

1. Ano ang hilig na gawin ni Berta?
   a. Maglaro   b. sumayaw   c. kumanta   d. mamasyal

2. Bakit hindi kayang abutin ni Berta ang mga tono ng awitin?
   a. Paos kasi si Berta.
   b. Kulang sa ensayo si Berta.
   c. Hindi akma ang awitin sa kanyang boses.
   d. Nagagalit si Nanay sa kaniya habang siya ay kumakanta.

3. Paano mapapaunlad ang pagkanta ni Berta?
   a. Bumirit nang bumirit araw-araw.
   b. Magpatulong siya sa babaeng maganda.
   c. Pumili ng akmang kanta sa kanyang boses.
   d. Maglublob sa ilalim ng tubig habang kumakanta.

4. Alin sa sumusunod ang ginawa ng ale kay Berta upang gumaling sa pagkanta?
   a. Pinatulog nang maaga si Berta.
   b. Hindi pinapakain ng matatamis si Berta.
   c. Pinainom ito ng mahiwagang gamot sa pagkanta.
   d. Tinuruan ng tamang pamamaraan sa pagkanta si Berta.

5. Anong taglay na kakayahan ni Berta kahit di pa ito naturuan ng tamang pagkanta?
   a. Malikhain   c. Masunurin
   b. Mahiyain   d. Kumpiyansa sa sarili

Gawain 2

Panuto: Basahin ang kuwentong nasa ibaba. Tukuyin kung ang tauhan sa kuwento ay nagpapakita ng kumpiyansa sa sarili o kung binigyang-diin niya ang simula ng kanta at ang katapusan nito. Pagkatapos basahin at unawain ang kuwento, sagutan ang kasunod na katanungan. Isulat ito sa sagutang papel.

Si Allan na Kumakanta
ni Johnna D. Mamaril

Si Allan ay nag-iisang anak ng mag-asawang Lando at Linda. Nakahiligan nito ang pagkanta kaya sumasali ito sa mga paligsahan at patimpalak sa barangay at sa eskuwelahan.

Isang araw, itinalaga siyang maging representante ng kanilang klase sa paligsahan ng awit. Masaya at pinaghandaan niya ito.

Sa araw ng paligsahan si Allan na ang kakanta, naghiyawan ang lahat niyang kaklase. Masigla ang awiting kaniyang inihandog. Magara ang kaniyang kasuotan at memoryado nito ang kanta. Sinimulan niya nang maayos ang kanta. Ngunit bandang huli ng kaniyang awitin, biglang sumigaw at pumiyok si Allan. Ito ay nagdulot ng kaniyang pagkatalo. Nanghihinayang ang lahat na bumalik sa kanilang silid-aralan. Nais sana nilang manalo si Allan.

Mga tanong:

1. Nagpakita ba si Allan ng kumpiyansa sa sarili habang kumakanta? Paano?

2. Ano ang dahilan bakit malungkot si Allan pagkatapos ng paligsahan? Bakit?

3. Sa iyong palagay, ang pagkatalo ba ay katapusan na ng lahat? Bakit?

Gawain 3

Panuto: Isulat sa kahon ang titik sa wastong paglalarawan sa mang-aawit sa bawat hanay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| a. Mayroong kumpiyansa sa sarili si Ana habang kumakanta.<br>b. Nanginginig si Ana habang kumakanta.<br>c. Gustong magtago ni Ana habang kumakanta.<br>d. Pinaghandaan ni Ana ang isusuot sa pagkanta.<br>e. Napilitan lang si Ana na kumanta sa harap ng madla. |



| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| | |





## Isaisip

Paano ba maipapakita ng isang mang-aawit ang kaniyang kumpiyansa sa sarili habang kumakanta sa harap ng maraming tao?

Nakaaawit nang may kumpiyansa sa sarili ang isang mang-aawit kapag ito ay:

a. Pumili ng kanta na akma sa taas at baba ng kaniyang boses;
b. Isinaulo at nag-ensayo gamit ang tamang pamamaraan ng pagkanta araw-araw;
c. Inihanda ang sarili at akmang kasuotan sa pagtatanghal;
d. Unawain ang kahulugan ng awitin at lapatan ng tamang emosiyon at interpretasiyon; at
e. Pokus sa ginagawang pagtatanghal. Maging masaya sa ginagawa.

# Isagawa

Pumili ng isang awiting makabayan at kantahin sa harap ng pamilya. Ang iyong mga magulang at kapatid ang iyong tagapanood at ang magbibigay hatol sa iyong pag-aawit. Gawing batayan ang **rubrics** sa pagbigay ng marka. Lagyan ng tsek ang kahon na may bilang na naaangkop sa iyong galing sa pag-awit.

1 – Nangangailangan nang karagdagang pagsasanay
2 – Mabuti
3 – Maayos
4 – Magaling

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nakaaawit na wasto ang tono | | | | |
| Nakaaawit nang may kumpiyansa sa sarili | | | | |
| Nagpapakita ng emosiyon sa awitin | | | | |
| Nakasusuot nang maayos | | | | |
| Kabuoang Iskor | /16 | | | |

## Tayahin

Alam mo na ba ang mga dapat gawin upang maipakita mo ang iyong galing sa pag-awit?

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa mga katanungan sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na larawan ang nakatutulong upang mapangalagaan ang iyong kakayahan sa pag-awit?

a. 

c. 

b. 

d. 

2. Isa sa mga gawain ang nakatutulong upang mapaunlad ang saklaw ng boses sa pagkanta. Pumili ng isa.
   a. Bumirit nang matagal.
   b. Sumayaw nang sumayaw.
   c. Mag-ehersisyo tuwing umaga.
   d. Huwag kumain ng marami.

3. Anong paghahanda ang dapat gawin ni Myrna sa kaniyang pagtatanghal sa selebrasiyon sa Buwan ng Wika?
   a. Pumili ng kanta na uso at gusto ni Myrna.
   b. Pumili ng kantang pinasikat sa ibang bayan.
   c. Pumili ng awitin tungkol sa pagmamahalan ng magsing-irog.
   d. Pumili ng awiting Pilipino na nagpapakita ng pagpapahalaga sa bayan.

4. Kakanta si Niko ng makabayang awitin. Alin sa sumusunod na kasuotan ang nababagay dito?

   a. 

   c. 

   b. 

   d. 

5. Paano ba malalaman kung ang isang mang-aawit ay may kumpiyansa sa sarili habang kumakanta?
   a. Sumisigaw habang kumakanta.
   b. Nanginginig ang boses habang kumakanta.
   c. Di halos makatingin sa mga taong nakapaligid sa kaniya.
   d. Nasa tono, mayroong tamang ekspresiyon at pokus sa pagkanta.

## Karagdagang Gawain

Panuto: Mula sa iyong pagtatanghal sa Isagawa, isulat ang mga magagandang gawi at mga di kaaya-ayang nagawa habang ikaw ay umaawit. Maaari mong tanungin ang iyong magulang na nanood ng pagtatanghal mo. Isulat ang sagot sa sagutang papel gamit ang dalawang hanay.

| Magandang Gawi | Di-Kaaya-Ayang Nagawa |
|---|---|
| | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1.d
2.c
3.b
4.b
5.b

**Balikan:**
1.MK
2.P
3.P
4.MK
5.P

**Tuklasin:**
b, d, e

**Pagyamanin:**
Gawain 1:
1.c
2.c
3.c
4.d
5.d
Gawain 2: (posibleng kasagutan)
1. Opo, dahil maayos ang kanyang kasuotan, memoryado nya ang awitin at sinimulan nya ito ng maayos
2.Dahil bandang huli ay sumigaw at pumiyok sya
3.Hindi po dahil ito ay magandang paraan para magsumikap pa para sa mga susunod pang pagtatanghal

Gawain 3

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
|  |  |
| -May kumpiyansa sa sarili si Ana habang kumakanta.<br>-Pinaghandaan ni Ana ang isusuot sa pagkanta. | -Nanginginig si Ana Habang kumakata.<br>-Gustong magtago ni Ana habang kumakanta.<br>Napilitan lang si Ana na kumanta sa harap ng madla. |

Tayahin:

1.c
2.c
3.d
4.b
5.d

Karagdagang Gawain:

| MAGANDANG GINAWA | DI-KAAYA-AYANG GINAWA |
|---|---|
| Posibleng Sagot:<br>-Naaayon ang kasuotan.<br>-Malinaw ang tinig at liriko ng awitin.<br>-May kumpiyansa sa sarili.<br>-Magandang mukha o hitsura.<br>-Madamdaming simula ng pag-awit.<br>-Magarbong katapusan ng awitin.<br>-Di kinakabahan at masaya sa ginagawa. | Posibleng sagot:<br>-Di naayon ang kasuotan.<br>-May maling liriko sa awiting binigkas.<br>-Hindi malinaw ang mga salitang binigkas.<br>-Walang kumpiyansa sa sarili.<br>-Hindi maramdaman ang emosyon ng taga-pakinig.<br>-Kinakabahan sa ginagawa. |

# *Sanggunian*

*Music, Art, PE and Health 3, Teachers' Guide*, Department of Education, Republic of the Philippines, Rex Bookstore, Inc.2015.

*Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag- aaral,* Department of Education, Republic of the Philippines, Rex Bookstore, Inc.2015.

Vocal Warm Up https://www.youtube.com/watch?v=YCLyAmXtpfY

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph